

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Mga napagtagumpayan sa 100 araw: Mga update sa tugon ng Lungsod sa COVID-19**

BRAMPTON, ON (Mayo 6, 2020) – Ang araw na ito ay tanda ng ika-100 araw mula ng idinaos ng Lungsod ng Brampton ang unang pagpupulong nito sa Emergency Operations Centre bilang tugon sa COVID-19.

Dahil lumala ang sitwasyon noong Marso, gumawa ng mahalagang mga hakbang ang Lungsod para protektahan ang kalusugan at ang kaligtasan ng komunidad, kabilang ang mga pagsasara ng pasilidad, mga kanselasyon ng programa, at Deklarasyon ng State of Emergency.

Kinikilala ang napakasamang mga epekto ng virus sa pinaka-mahihinang komunidad at ekonomiya ng Lungsod, inanunsiyo ng Mayor at mga Konsehal ang apat na pinasadyang mga team at programa para sumuporta sa mga nangangailangan: mga task force ng Mayor na COVID-19 Suporta sa Ekonomiya, Suporta sa Lipunan, Suporta sa mga Senior, at Suporta sa Kabataan, at ang Programa sa Hardin sa Likod-Bahay.

Sa suporta ng mga lokal na partner, mga volunteer at mga negosyo, ang mga task force na ito ay nakapagbigay ng suporta sa buong Lungsod.

### **Mga Highlight**

#### [Programa sa Hardin sa Likod-Bahay](#)

- Tumanggap ng higit sa 11,000 hiling para sa paglahok sa programa hanggang ngayon (kasama ang tinatayang 5,000 residente na nasa talaan ng mga naghihintay). Ang programa ay ngayon nasa kapasidad na o puno na.

#### [Task Force sa Suporta sa Ekonomiya](#)

- Sumuporta sa higit sa 5,000 negosyo sa pamamagitan ng: one-to-one na suporta at konsultasyon, mga birtwal na seminar at training, tulong sa pagbabago ng mga operation para makatugon sa mga bagong pangangailangan sa COVID-19 at pag-unawa sa batas, tumulong sa mga negosyo na maghanda sa dagdag na produksyon at kumuha ng karagdagang espasyo.
- Nakipagtulungan sa halos 900 maliliit na negosyo sa pamamagitan ng mga tele-town hall para pag-usapan ang mga epekto ng COVID-19 at potensyal na mga solusyon.
- Binago ang programa sa personal na arts at culture tungo sa mga online na alok para maipagpatuloy ang pagbibigay ng mga opsyon ng aliw para sa mga residente habang nagbibigay ng suporta para sa mga artist.

#### [Task Force sa Suporta sa mga Senior](#)

- Tumugon sa 280 hiling para sa impormasyon at mga resource at kinumpleto ang 113 pagpunta sa grocery.

- Nakipagtulungan sa 35 samahan ng komunidad na naglilingkod sa mga senior para magbigay ng impormasyon sa mga suporta at programa ng Lungsod.
- Sumuporta sa paglunsad ng [Seniors Digital Café](#) para ihikayat ang aktibong pagtanda at kabutihan, at isinali ang mga pangkat ng mga senior sa pamamagitan ng telephone town hall.
- Nakipag-partner sa mga lokal na grocer: Longo's, India Bazaar Fresh Piks at Fortinos, sa paggawa ng isang programa sa pagbabayad ng card para sa mga senior na hindi magawang kumpletuhin ang mga order online.

#### [Task Force sa Panlipunang Suporta](#)

- Gumawa ng sistema ng emergency na pamamahagi ng pagkain sa pamamagitan ng partnership sa apat na mga katuwang sa pamamahagi ng pagkain: Regeneration, Knights Table, Khalsa Aid at United Sikhs. Higit sa 1,500 meals at mga grocery ang naihatid sa mga residente ng Brampton sa huling pitong linggo – average na mga 215 meals kada linggo. Ang lahat ng ito ay hindi magiging posible kung walang dedikadong mga volunteer na nag-ambag ng kabuuang 550 oras ng serbisyo.
- Itinatag ang centralized na sistema para suportahan ang katuwang na mga tagapamahagi ng pagkain. Kabuuang 31,699 pounds ng mga donasyon ng pagkain ang natanggap, pati na rin ang 40 cases (100 piraso kada case) ng mga donasyon ng pagkain ang natanggap, pati na rin ang 40 cases (100 piraso kada case) ng mga lalagyan ng takeout at 6,000 mga lalagyan ng clamshell.
- Sumuporta sa Rehiyon sa pagtulong sa 3 nagkusang-loob na mga okupante ng encampment na makapag-acces sa pabahay, pondo, at iba pang mga suportang hiningi.

#### [Task Force sa Suporta sa Kabataan](#)

- Inilunsad ang [Youth Survey](#) na nagtanong sa mga kabataan, edad 14-29, tungkol sa kung paano nakakaapekto sa kanila ang COVID-19. Hanggang ngayon, higit sa 200 kabataan ang tumugon.
- Nakipagkita sa 35 samahan na naglilingkod sa kabataan nang isang beses kada dalawang linggo para marinig ang mga concern at magbigay ng suporta kung hiningi.
- Nagho-host ng nagpapatuloy na online na mga gawain, mula sa Instagram Live chats hanggang sa nakakaaliw na TikTok videos, para panatilihin ang kabataan at engaged habang nananatili sa bahay. Sa linggong ito, ang Lungsod ay [nagdidiriwang sa Pambansang Linggo ng Kabataan \(Mayo 1-7\)](#) na may libre, birtwal na mga gawain.

Ang mas maraming impormasyon sa magagamit na mga resource at kung paano makatulong sa pagsuporta sa panahong ito ay makikita sa [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19).

#### **Mga Quote**

“Kahit na nananatiling magkalayo, ang komunidad ay nagkakaisa sa pinaka-epektibo at pinaka-makahulugang paraan na posible. Gumawa ng hakbang ang mga residente, mga partner, at mga lokal na negosyo para makapagbigay ng suporta sa mga pinaka-mahihina sa mga epekto ng COVID-19. Habang inaasam natin ang muling pagbubukas ng Lungsod sa kalaunan, alam natin na marami pa tayong dapat gawin. Hinihiling ko sa mga residente na magpatuloy sa pananatili sa tamang landas, sundin ang payo ng ating mga eksperto sa pangangalagang pangkalusugan at mananatiling committed sa pagsuporta sa isat' isa.”

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

“Sa pamamagitan ng commitment at pagsisikap ng ating team, mga residente, at mga negosyo, napakalaki ng naabot natin sa pagtulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19. Magpapatuloy tayo sa paggawa ng bawat pagsisikap na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad habang nagbibigay ng suporta sa mga pinaka-nangangailangan. ”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)